Pahayag para sa Press
Naka-embargo hanggang 0830 PHT 1 Hunyo 2026 / 00:30 UTC 1 Hunyo 2026

# S&P Global Philippines Manufacturing PMI®

## Panibagong paglago sa output ng pagmamanupaktura sa Pilipinas noong Mayo

Mayo 2026

### Tuloy-tuloy na dumami ang output sa gitna ng panibagong pagtaas sa mga bagong order

### Ang rate ng pagbabawas ng trabaho ay pinakamatindi sa loob ng dalawang taon

### Lalo pang tumindi ang mga pressure sa gastos

Ang pinakabagong data ay nagpahiwatig ng panibagong pagbuti ng kalagayan ng sektor ng pagmamanupaktura sa Pilipinas noong Mayo.

Ang pagbawi ay sinuportahan ng muling pagdami ng output at mga bagong order. Lalo pang nakakapanghikayat ang tumataas na kumpiyansa ng mga producer ng mga produkto sa mga pagpapalawak ng produksyon sa susunod na 12 buwan.

Gayunpaman, lalo pang nabawasan ang trabaho at aktibidad sa pagbili. Nanatiling gipit ang mga supply chain, at nabawasan na naman ang mga imbentaryo. Nakadagdag sa mga alalahanin ang mabilis at matinding pagtaas ng mga gastusin sa operasyon. Dahil dito, mabilis na itinaas ang mga presyo ng pagbebenta pero sa mas hindi kapansin-pansing antas.

Matapos maitala sa mas mababa sa 50 na 48.3 noong Abril, ang Philippines Manufacturing Purchasing Managers' Index™ (PMI®) ay nakapagtala ng 50.8 noong Mayo, na nagpapahiwatig ng pagbabalik sa paglago. Bagama't may naitalang pagbuti sa lima sa huling anim na yugto ng survey, ang pinakabagong pag-angat ay bahagya lang at mababa sa buong kasaysayan.

Ang pangkalahatang paglawak ay bunsod ng panibagong pagdami ng mga bagong order, kasunod ng matinding pagbaba noong Abril. Ang pagganda ng demand ng kliyente at pagkakaroon ng mga bagong customer ang sinasabing nagtulak sa paglago. Ipinapahiwatig ng basehang data na ang pag-angat ay nagmula sa mas magandang demand sa loob ng bansa habang nanatiling matamlay ang mga export, kung saan ang mga bagong benta mula sa ibang bansa ay bumagsak sa pinakamabilis na antas simula noong Hulyo 2020.


Gayunpaman, ang pag-angat sa pangkalahatang bagong negosyo ay humikayat sa mga kumpanya na tuloy-tuloy na itaas ang antas ng kanilang produksyon noong Mayo, matapos huminto ang paglago sa survey noong nakaraang buwan. Ang pag-angat na ito ang pinakakapansin-pansin sa loob ng tatlong buwan at higit na mataas kaysa sa average ng serye.

Gayunpaman, tumindi ang pagkaantala sa supply-chain. Humaba ang mga lead time para sa mga input sa isa sa pinakamalalang antas sa loob ng halos isa't kalahating taon sa gitna ng mga pagkaantala sa shipping, dahil nagpasya ang mga kumpanya na pagsamahin ang mga order para limitahan ang mga gastos.

Ayon sa mga nakalap na impormasyon, ang digmaan sa Middle East ang lalong nagpamahal sa presyo ng langis at raw material, na nagresulta sa mas mabibigat na pasanin sa gastos para sa mga nagmamanupaktura. Ang rate ng inflation ay ang pinakamabilis simula noong Agosto 2022 at kapansin-pansin sa kabuuan.

Itinaas ng mga producer ng mga produkto sa Pilipinas ang kanilang mga presyo ng pagbebenta sa kalagitnaan ng ikalawang quarter. Binigyang-

Philippines Manufacturing PMI
Index, sa, >50 = pagbabago mula sa nakaraang buwan




Pinagkunan: S&P Global PMI. ©2026 S&P Global.
Ang data ay nakolekta noong 12-22 Mayo 2026.

### Komento

Sinabi ni Maryam Baluch, Ekonomista sa S&P Global Market Intelligence, na:

"Nagpakita ng magkahalong sitwasyon ang pinakabagong data ng PMI para sa sektor ng pagmamanupaktura sa Pilipinas. Habang nakapagtala ang mga nagmamanupaktura ng muling pagdami ng output at mga bagong order, lumala naman ang pagkaantala sa supply-chain at mga pressure sa gastos habang nasa ikatlong buwan na ang sigalot sa Middle East. Parehong bumaba ang aktibidad sa pagbili at pagkuha ng empleyado. Gayunpaman, nananatiling lalong positibo ang pananaw ng mga kumpanya sa hinaharap, sa pag-asang ang mas magandang demand ay susuporta sa pagdami ng output. Sa katunayan, ang pagpapanatili ng paglagong ito ay magdedepende sa kung gaano kakampante ang ilang partikular na customer sa ekonomiya at geopolitical na sitwasyon."


© 2026 S&P Global

